Bibliya Para sa mga Bata

Ilinalahad

Ang Mayaman at ang Dukha

Sinulat ni: Edward Hughes
Ilinarawan ni: M. Maillot at Lazarus
Ibinagay ni: M. Maillot at Sarah S.
Isinalin ni: Christine Cornejo
Yinari ng: Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2011 Bible for Children, Inc.
Lisensya: May karapatan kayong magkopya o mag-imprenta ng kuwento, kung hindi ninyo ipagbibili.

Alam ni Hesus na maraming lider
ng simbahan na mas nagmamahal
sa kayamanan higit sa Diyos.
Kaya't sa Kanyang kwento
ay may dalawang lalaki,
isang mayaman at
isang mahirap.



Sinasabi sa kwento na walang kahulugan na magkaroon ng kayamanan ngunit walang Diyos. Ang kayamanan ay hindi maaaring bumili ng buhay kasama ang Diyos sa Langit.



May isang mayamang
laging nagdaramit
ng mamahalin.
Ang bihis niya
ay tulad ng
isang hari.

Ang mayaman na ito ay saganang-sagana sa pagkain.
Bawat pagkain ay tulad ng isang malaking piging.
Siya ay may maraming salapi at maaring makabili
ng anumang bagay na gusto
niya kainin sa almusal,
tanghalian, hapunan –
at kahit meryenda.

Sa pintuan ng bahay ng mayaman ay may isang pulubi na maysakit at nagugutom. Ang kanyang pangalan ay Lazaro.





Mahina si Lazaro at puno ng mga sugat. Maaaring siya ay may isang sakit. Ang hiwa at pasa sa kanyang katawan ay maaring mula sa mga taong sinasaktan siya. Maari din na ang kanyang mga sugat ay dahil sa kawalan ng masustansyang pagkain tulad ng gatas, gulay at protina.

Sabik sa pagkain si Lazaro. Siya ay masaya kahit lamang sa mumong nahuhulog mula sa hapag ng mayamang lalaki.

Ang mga ligaw
na aso ay
lumalapit
sa pulubing
si Lazaro.
Sinisinghot
at dinidilaan
ang kanyang
mga sugat.
Parang
walang tao
na nakikialam
na si Lazaro
ay nagugutom.

Isang umaga,
si Lazaro ay
hindi na
nagising.
Ang pulubi
na gutom
at walang
kaibigan ay
patay na.

Ngunit ang kasiyahan sa buhay ni Lazaro ay nagsimula ng siya ay namatay. Sinabi ni Hesus sa Kanyang kwento na mga anghel ang nagdala kay Lazaro upang makapiling si Abraham. Binigyan ng Diyos ng kaginhawahan si Lazaro.

Samantala, ang mayamang lalaki ay namatay din. Hindi mailigtas ng anumang salapi ang kanyang buhay. Walang sinumang makapipigil sa kamatayan.



Ang mayamang lalaki ay inilibing. Marahil ito ay isang malaking libing. Siya ay pinuri ng mga tao dahilan sa kanyang pagiging matalino at matagumpay. Ngunit ang mga papuring ito ay hindi makatulong sa mayamang lalaki. Siya ay nasa impyerno.

Sa impyerno, ang mayaman ay sumigaw, "Amang Abraham, ipadala niyo si Lazaro upang isawsaw sa tubig ang dulo ng kanyang daliri at basain ang aking dila, dahil ako'y naghihirap sa apoy na ito."

"Nagpasasa ka sa buhay noong ikaw ay nasa lupa, at si Lazaro ay walang-wala," ang paalala ni Abraham. "Si Lazaro ngayon ay nasa kaginhawahan ng Diyos at ikaw ay nagdurusa. May malaking bangin sa gitna natin at walang sinuman ang maaring makatawid."



Ipinakiusap ng mayaman, "Papuntahin na lamang ninyo si Lazaro sa aking limang kapatid na lalaki, upang sila'y bigyang-babala. Hindi ko nais na sila ay humantong sa dakong ito ng pagdurusa."



"Nasa iyong mga kapatid ang Salita ng Diyos," sagot ni Abraham. Kung hindi naniniwala sa Biblia ang limang kapatid na lalaki, hindi rin sila maniniwala kay Lazaro na isang patay na muling nabuhay.

Nang matapos si Hesus sa pagkwento tungkol sa mayaman at kay Lazaro, maaring ang mga lider ng templo ay napaisip, "Mahal ko ba ang kayamanan ng higit sa pagmamahal ko sa Diyos?" Ngayon alam nila kung ano ang mangyayari kung hindi nila diringgin ang Salita ng Diyos.



Ang Mayaman at ang Dukha

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Lucas 16

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuwentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na lumikha sa atin at ibig Niyang aalamin natin Siya. Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo Niya na ipinadala Niya ang Kaniyang Anak na si Hesus upang maipako at mamatay sa Krus bilang parusa para sa ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kung kayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran para sa inyong mga kasalanan, gagawin Niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon, at kayo ay maninirahan na kasama Niya sa Kaniyang tahanan na walang hanggan.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako po'y naniniwalang si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli. Maaari po bang pumasok Kayo sa aking buhay at patawarin po Ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon, at sa darating na araw ako'y kasama Ninyo sa Inyong piling na walang katapusan. Tulungan po Ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang Inyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16